



PAGTUGON SA MGA ALALAHANIN SA MGA SERBISYO SA KAPAKANAN NG BATA (CHILD WELFARE SERVICES)

Ang Child Welfare Services (CWS) ng County ng San Diego ay masinsinang tinatanggap ang iyong mga alalahanin at tinatalakay ito nang buong sipag. Depende sa uri ng iyong alalahanin, may tatlong opsyon upang talakayin nang pinakamabisa ang iyong isyu.

Ano ang isang Ombudsman?

Ang “Ombudsman” ay nag-iimbestiga ng mga reklamo at pinoprotektahan ang mga karapatan ng mga mamamayan.

Ang Ombudsman ay isang napiling indibidwal na nangangasiwa sa mga pagsisiyasat sa reklamo.

Nakikinig sila at nagdodokumento sa iyong mga alalahanin, at nangangalap ng may kinalamang impormasyon upang magsagawa ng independyenteng pagsusuri sa iyong mga alalahanin habang nananatiling neyutral at walang kinikilingan. Ginagawa ang lahat ng posible upang makatugon sa loob ng isang araw ng negosyo mula sa unang pakikipag-ugnayan.

*Sino ang
makakausap
ko tungkol
sa mga
alalahanin?*

- ☞ CWS Tanggapan ng Ombudsman
- ☞ Ombudsman ng Magulang na Mapagkukunan
- ☞ Tanggapan ng Pagsunod ng Ahensya ng HHSA



TANGGAPAN NG OMBUDSMAN NG CWS

☞ Ang Tanggapan ng Ombudsman ay iniimbestigahan ang mga alalahanin at nagsasagawa ng panloob na pagsusuri na may kaugnayan sa mga patakaran, pamamaraan at kasanayan sa gawaing panlipunan ng Child Welfare Services.

☞ Itinataas ng Ombudsman sa namamahala ang mga natuklasan at rekomendasyon upang matiyak na ang mga patakaran at kasanayan ay nakakatugon sa mga batas ng estado at pederal, at naayon sa misyon at mga layunin ng Child Welfare Services.

☞ Kotakin ang Ombudsman para sa mga isyu tulad ng kawalan ng pagkakapare-pareho sa pagbisita, hindi sapat na komunikasyon sa mga social worker, mga alalahanin sa paglalagay, at ano pa mang mga Gawain at mga alalahanin na nauugnay sa serbisyo sa kostomer.

Tumawag sa (619) 338-2098

CWS.OOO.HHSA@sdcountry.ca.gov

TANGGAPAN NG PAGSUNOD NG AHENSYA NG HHSA

☞ Ang Tanggapan ng Pagsunod sa loob ng Ahensya ng HHSA ay nagbibigay ng isa pang antas ng transparensiya kapag tinutugunan ang mga alalahanin particular na tungkol sa CWS at sa kasanayan nito.

☞ Sisiyasatin ng Tanggapan ng Pagsunod ang mga alalahanin kung ang kinauukulang Partido ay nakipagtulungan na sa nakatalagang social worker, superbisor, at namamahala ngunit ang isyu ay hindi pa naresolba.

☞ Ang isang kumpleto at masusing independyenteng pagsusuri ay isasagawa, kabilang ang pakikipanayam sa indibidwal na nagtataas ng alalahanin, ang mga tauhan na kasangkot, at pagrepaso sa anumang nauugnay na dokumentasuon.

Tumawag sa (619) 338-2328

Compliance.HHSA@sdcountry.ca.gov

OMBUDSMAN NG MAPAGKUKUNAN NG MAGULANG

☞ Ang Ombudsman ng Mapagkukunan ng Magulang ay particular na nakatuon sa pagtugon sa mga katanungan ng mga tagapag-alaga (mga magulang at kamag-anak) tungkol sa pagbisita, patakaran at mga pamamaraan, paglipat ng mga bata na umalis sa magulang na mapagkukunan sa bahay, o mga isyu sa komunikasyon sa social worker.

☞ Ang mga aplikante na dumadaan sa proseso ng Resource Family Approval para maging mga tagapag-alaga sa mga bata sa foster care ay maaari ding makipag-ugnayan sa tanggapan kung sila ay nahaharap sa anumang hamon o alalahanin.

Tumawag sa (858) 650-5744

CWSRPOMBUDS.HHSA@sdcountry.ca.gov



Kung ikaw ay isang foster youth at nais ilahad ang iyong mga alalahanin habang nasa foster care, mangyaring kontakin ang California Foster Care Ombudsperson sa (877) 846-1602, o fosteryouthhelp.ca.gov.